


<p>Kagawaran ng Hustisya ng California DIBISYON NG TAGAPAGPATUPAD NG BATAS John D. Marsh, Hepe</p> 	<h1>BULLETIN NG IMPORMASYON</h1>	
<p><i>Paksa:</i> <b>Pagpapatupad at Pagbabago ng mga Patakarang Tungkol sa Pambibiktima sa Senior at May Kapansanan</b></p>	<p><i>No.</i> 2023-DLE-05</p>	<p><i>Impormasyon para sa Pakikipag-ugnayan:</i> John D. Marsh, Hepe Dibisyon ng Tagapagpatupad ng Batas (916) 210-6300</p>
	<p><i>Petsa:</i> 09/07/2023</p>	

## PARA SA: LAHAT NG LOKAL NA AHENSYA NA TAGAPAGPATUPAD NG BATAS NG CALIFORNIA

Inilalabas ng Kagawaran ng Hustisya ng California, Dibisyon ng Tagapagpatupad ng Batas, ang Bulletin ng Impormasyon na ito upang ipaalala sa mga lokal na ahensya na tagapagpatupad ng batas ang mga kinakailangan para sa nakasulat na patakarang tungkol sa kriminal na pambibiktima sa senior at may kapansanan, alinsunod sa Senate Bill 338 na ipinasa noong 2019. Dapat isama ng mga kagawaran ng munisipalidad ng pulisya o county sheriff na nagpapatupad o nagbabago ng patakarang tungkol sa pang-aabuso sa matatanda at sinusustentohang adulto o pambibiktima sa senior at may kapansanan sa o pagkatapos ng Abril 13, 2021 ang 28 item na nakasaad sa Penal Code section 368.6, subdivision (c).

Ibinubuod ng Information Bulletin na ito ang batas at mga iminungkahing aksyon na dapat isaalang-alang ng mga lokal na ahensya na tagapagpatupad ng batas upang matiyak na sumusunod ang nakasulat nitong patakarang sa mga kinakailangan ng Senate Bill 338 at Penal Code section 368.6.

### Senate Bill 338

Noong 2019, ipinatupad ng California ang Senate Bill 338 (“Batas sa Hustisya sa Senior at May Kapansanan”) upang: bigyang-pansin ang malalawak na krimen laban sa mga senior at may kapansanan; pagtibayin na krimen ang mga gawaing ito, hindi lamang basta problemang sibil; at “lubos na hikayatin ang bawat lokal na tagapagpatupad ng batas na gumawa ng komprehensibong patakarang tungkol sa mga krimeng ito, kabilang ang mga epektibo, maaasahan, at lokal na binuo na mga protokol para sa pagsasagawa ng mga umiiral na responsibilidad ng ahensya.” (Cal. Sen. Bill 338 (2019-2020 Reg. Sess.) § 1, subd. (a)(2), (4).) Idinagdag ng Senate Bill 338 ang Penal Code section 368.6, na nagpapahintulot sa mga lokal na ahensya na tagapagpatupad ng batas na maglapat ng patakarang tungkol sa pambibiktima sa mga senior at may kapansanan.<sup>1</sup> Nagkabisa ang Section 368.6 noong Enero 1, 2020.

#### **1. Hinihiling ng Senate Bill 338 sa mga Lokal na Ahensya na Tagapagpatupad ng Batas na Isama ang 28 Item sa mga Patakarang sa Pambibiktima sa Senior at May Kapansanan Nito**

Ang bawat patakarang sa pang-aabuso sa matatanda at sinusustentohang adulto o patakarang sa pambibiktima sa senior at may kapansanan na ipinatupad o binago ng lokal na tagapagpatupad ng batas sa

<sup>1</sup> Tinukoy ang “pambibiktima sa senior at may kapansanan” bilang pang-aabuso sa matatanda at sinusustentohang adulto, homicide, seksuwal na krimen, karahasan sa tahanan, pang-aabuso sa bata, at krimen sa poot laban sa mga senior at mga taong may aktwal o pinaghihinalaang kapansanan, pati na rin ang ilegal na paghadlang sa ipinag-utos na pag-uulat o paglabag sa anumang protective order. (Cal. Pen. Code, § 368.6, subd. (b)(13)(A)-(H).)

o pagkatapos ng Abril 13, 2021, ay dapat mayroon na ng, pero hindi limitado sa, mga sumusunod na 28 item (Pen. Code, § 368.6, subd. (c)(1)-(28)):

- (1) Impormasyon tungkol sa malawakang pang-aabuso sa matatanda at sinusustentohang adulto, sekswal na pag-atake, iba pang sekswal na krimen, krimen sa poot, karahasan sa tahanan, human trafficking, at homicide laban sa adulto at batang may kapansanan, kabilang ang mga kapansanang dulot ng katandaan, at kabilang ang mga krimen na madalas na ginagawa ng mga tagapag-alaga.
- (2) Isang pahayag ng pangako ng ahensya sa pagbibigay ng pantay na proteksyon at paggalang sa lahat anuman ang edad o kapansanan nito, at tapat na pagpapatupad ng lahat ng batas kriminal na nagpoprotekta sa matatanda, at mga adulto at batang may kapansanan, kahit na ang mga krimen na ito ay mayroon ding mga sibil na parusa.
- (3) Ang mga kahulugan at salik ng mga pagkakasala na tinukoy sa Penal Code section 288, subdivision (b) (2) at section 368, mga subdivision (c) at (f), na binabanggit na pinoprotektahan ng mga ito ang maraming taong may kapansanan, kahit na namumuhay sila nang mag-isa.
- (4)
  - (A) Itinuturing ding krimen sa poot ang pang-aabuso sa matatanda at sinusustentohang adulto, sekswal na krimen, pang-aabuso sa bata, karahasan sa tahanan, at anumang iba pang kriminal na kilos, kapag ginawa nang buo o bahagya dahil sa aktwal o pinaghihinalaang kapansanan ng biktima, kabilang ang kapansanang dulot ng katandaan.
  - (B) Sa pagkilala sa pinaghihinalaang krimen sa poot na may diskriminasyon sa kapansanan, bibigyang tagubilin ng patakaran ang mga opisyal na isaalang-alang kung mayroong anumang indikasyon na ginawa ng salarin ang krimen dahil sa diskriminasyon, kabilang ang, pero hindi limitado sa, bias na motibo na inilarawan sa Penal Code section 422.87, mga subdivision (a) (3) (B) - (C).
- (5) Isang protokol at iskedyul ng ahensya para sa mga opisyal ng pagsasanay na parehong mayroon ng mga sumusunod:
  - (A) Ang mga materyal sa pagsasanay na ginawang available ng Komisyon sa mga Pamantayan at Pagsasanay ng Opisyal ng Kapayapaan (Peace Officer Standards and Training) alinsunod sa mga section 13515, 13515.25, 13515.27-13515.35, at 13519.2 ng Penal Code. Sa kaso ng mga materyal sa pagsasanay na tinukoy sa bawat seksyong ito, hihilingin ng protokol ng ahensya na ang pagsasanay para sa, sa minimum, kategorya ng mga opisyal na ayon sa seksyong iyon ay pinaglaanan o kinakailangang sumailalim sa pagsasanay o, kung hindi nakasaad sa seksyon kung kanino kinakailangan o inilaan ang materyal ng pagsasanay, ang mga tinukoy na opisyal alinsunod sa talata (16).
  - (B) Ang patakaran ng ahensya alinsunod sa seksyong ito.

- (6) Isang kinakailangan na kapag nilalayon ng isang opisyal na kapanayamin ang isang biktima o saksi sa isang umano'y krimen at iniulat o nagpakita ang biktima o saksi ng pagkabingi o pagkawala ng pandinig, titiyakin muna ng opisyal ang mga serbisyo ng interpreter tulad ng tinukoy sa Evidence Code section 754. Dapat magkaroon ng protokol ang ahensya sa pagtiyak ng mga serbisyo ng interpreter upang matiyak ang tumpak na interpretasyon.
- (7) Isang protokol ng ahensya para sa pagbibigay ng naaangkop na pagsasanay tungkol sa patakaran ng ahensya sa mga dispatcher, opisyal ng serbisyo sa komunidad, tauhan ng front desk, at iba pang sibilyang tauhan na nakikipag-ugnayan sa publiko.
- (8) (A) Ang katotohanan na hinihiling ng ahensya ang mga opisyal na imbestigahan ang bawat ulat ng pambibiktima sa senior at may kapansanan, at hindi pag-dismiss sa anumang ulat bilang mga usaping sibil lamang o para sa anumang iba pang kadahilanan nang walang pagsisiyasat.
  - (B) Isang apendiks sa patakaran na naglalarawan ng mga kinakailangan para sa mga pagsisiyasat na ito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, lahat ng sumusunod:
    - (i) Isang protokol o mga protokol ng ahensya para sa pakikipagtulungan at pakikipag-ugnayan sa Dibisyon ng Medi-Cal na Panloloko at Pang-aabuso sa Matatanda (Division of Medi-Cal Fraud and Elder Abuse), iba pang ahensya na tagapagpatupad ng batas ng estado na may hurisdiksyon, mga serbisyong pamproteksyon sa adulto at bata, mga lokal na programa sa pangmatagalang pangangalaga ng ombudsman, at, kung naaangkop, iba pang responsableng ahensya.
    - (ii) Mga naaangkop na diskarte para sa pakikipagpanayam sa mga potensyal na biktima at saksi na may kapansanan sa pag-iisip o komunikasyon, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pag-iwas sa paulit-ulit na pakikipagpanayam kung maaari.
    - (iii) Ang mga salik ng pagsisiyasat, kabilang ang, pero hindi limitado sa, lahat ng sumusunod:
      - (I) Sinusuri ang mga naunang ulat na natanggap ng mga ahensya ng mga serbisyong pamproteksyon sa adulto o bata, mga lokal na programa sa pangmatagalang pangangalaga ng ombudsman, maliban sa ibinigay Code ng Kagalingan at mga Institusyon section 9725, at anumang iba pang responsableng ahensya.
      - (II) Pakikipagpanayam sa bawat diumano'y biktima, bawat saksi, at bawat suspek na available.
      - (III) Panunood sa lahat ng video ng camera na nasa katawan at lahat ng iba pang film.

- (IV) Pakikinig sa lahat ng tawag mula sa mga ipinag-utos na pag-uulat o iba pang tumatawag.
  - (V) Paggawa ng makatwirang pagsisikap upang matukoy kung sinuman ang ilegal na humadlang sa ipinag-utos na pag-uulat.
- (iv) Isang protokol ng ahensya para sa pagpapadala ng ulat ng krimen sa naaangkop na tanggapan ng paglilitis kung inirerekomenda ng ahensya na tagapagpatupad ng batas.
- (v) Kung itinuturing na angkop ng ahensya, ang seksyon ng Pagtugon sa Pagsisiyasat at Addendum B ng Blueprint ng Pang-aabuso sa Matatanda at Sinusustentohang Adulto ng San Diego County (Elder and Dependent Adult Abuse Blueprint) o ang Gabay sa Pang-aabuso sa Matanda para sa Tagapagpatupad ng Batas (Elder Abuse Guide for Law Enforcement) ng Pambansang Sentro ng Pang-aabuso sa Matatanda sa Unibersidad ng Southern California (National Center on Elder Abuse at the University of Southern California).
- (9) (A) Isang pahayag na patakaran ng ahensya na mang-aresto o humingi ng mga warrant sa pag-aresto, alinsunod sa Penal Code section 836, at, sa kaso ng karahasan sa tahanan, ayon sa pinapayagan ng Penal Code section 13701. Ihahayag din ng patakaran ang protokol ng ahensya para sa mga humihingi ng warrant sa pag-aresto.
- (B) Ang protokol ng ahensya para sa mga pag-aresto para sa pambibiktima sa matatanda at may kapansanan maliban sa karahasan sa tahanan, na mayroong, pero hindi limitado sa, mga sumusunod na kinakailangan:
- (i) Sa kaso ng pambibiktima sa isang senior at may kapansanan na ginawa sa harap ng isang opisyal, kabilang ang, pero hindi limitado sa, paglabag sa isang nauugnay na protective order, dapat magsagawa ang opisyal ng pag-aresto nang walang warrant batay sa mga makatwirang dahilan kapag kinakailangan o ipinapayo para protektahan ang kaligtasan ng biktima o ng iba.
  - (ii) Sa kaso ng isang kasalanan na hindi ginawa sa harap ng isang opisyal, dapat magsagawa ang opisyal ng pag-aresto nang walang warrant batay sa mga makatwirang dahilan kapag kinakailangan o ipinapayo para protektahan ang kaligtasan ng biktima o ng iba.
  - (iii) Sa kaso ng isang misdemeanor na hindi ginawa sa harap ng opisyal, kabilang ang, pero hindi limitado sa, misdemeanor na ilegal na paghadlang sa ipinag-utos na pag-uulat o paglabag sa anumang protective order, o kapag kinakailangan o ipinapayo para protektahan ang kaligtasan ng biktima o iba pa, hahanap ang ahensya ng warrant sa pag-aresto batay sa makatwirang dahilan.

- (iv) Dapat ihayag ng patakaran ang protokol ng ahensya sa paghingi ng mga warrant sa pag-aresto batay sa makatwirang dahilan para sa mga krimen na walang ginawang pag-aresto.
  
- (10) Ang katotohanan na ang mga krimen sa pambibiktima ng senior at may kapansanan ay itinuturing ding karahasan sa tahanan sa ilalim ng kinakailangan na ipina-utos na pag-aresto ng Penal Code section 836 kung natutugunan ng mga ito ang mga salik na inilarawan sa Penal Code section 273.5, kabilang ang, pero hindi limitado sa, a paglabag ng isang tagapag-alaga o ng kasama sa bahay ng biktima, kahit na ang kasama sa bahay ay isang o dating kamag-anak, o karelasyon, ng biktima.
  
- (11) (A) Ang katotohanan na maraming biktima ng sekswal na pag-atake at iba pang sekswal na krimen ang ipinagpapaliban ang pagbunyag sa krimen dahil sa mga kadahilanan na kabilang ang, pero hindi limitado sa, kahihyan, pag-aalinlangan sa sarili, takot na hindi paniwalaan, at takot sa paghihiganti ng salarin o iba pa.  
  
(B) Isang tagubilin alinsunod sa Penal Code section 264.2 at 679.04 na nagpapaalam sa mga posibleng biktima ng mga sekswal na krimen na may karapatan silang pumili ng isang tagasuporta na maaari nilang makasama sa lahat ng oras.
  
- (12) Ang mga kinakailangan sa cross-reporting ng ahensya, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga alinsunod sa Code ng Kagalingan at mga Institusyon (Welfare and Institutions Code) section 15640, at isang protokol ng ahensya sa pagsasagawa ng mga kinakailangang ito sa cross-reporting.
  
- (13) Mga kinakailangan sa ipinag-utos na pag-uulat, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga responsibilidad sa ipinag-utos na pag-uulat ng mga opisyal at isang protokol ng ahensya sa pagsasagawa ng mga responsibilidad sa ipinag-utos na pag-uulat ng mga opisyal.
  
- (14) Ang katotohanan na ang mga biktima at saksi na may kapansanan, kabilang ang mga kapansanan sa pag-iisip at komunikasyon, ay maaaring maging lubos na mga mapagkakatiwalaang saksi kapag angkop na nakapanayam ng mga sinanay na opisyal o iba pang sinanay na tao.
  
- (15) Isang pamamaraan para sa mga unang tumutugon na opisyal na dapat sundin kapag kinakapanayam ang mga may mga kapansanan sa pag-iisip at komunikasyon hanggang sa maging available ang mga opisyal, o kawani ng iba pang responsableng ahensya, na may mas advanced na pagsasanay. Dapat isama sa pamamaraan ang isang tagubilin upang maiwasan ang paulit-ulit na panayam kung maaari.
  
- (16) Ang yunit o tanggapan, o maramihang yunit o tanggapan ng ahensya, o ang titulo o mga titulo ng isang opisyal o mga opisyal, na inatasan sa mga sumusunod na responsibilidad:
  - (A) Pagtanggap ng advanced na pagsasanay sa opisyal sa pambibiktima sa senior at may kapansanan, na available mula sa Komisyon sa mga Pamantayan at Pagsasanay ng

Opisyal ng Kapayapaan (Commission on Peace Officer Standards and Training), Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos (United States Department of Justice), Proyekto sa Kapansanan at Pang-aabuso ng Spectrum Institute (Disability and Abuse Project of the Spectrum Institute), o iba pang mapagkukunan.

- (B) Kumikilos bilang liaison sa ibang responsableng ahensya upang madagdagan ang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa mga ito habang pinapanatili ang eksklusibong responsibilidad ng ahensya na tagapagpatupad ng batas.
  - (C) Pakikipag-ugnayan sa mga komunidad ng senior at may kapansanan at sa publiko upang hikayatin ang pag-iwas at pag-uulat ng pambibiktima sa senior at may kapansanan.
- (17) Isang protokol ng ahensya para sa paghingi sa korte ng emergency protection order sa pamamagitan ng telepono anumang oras ng araw o gabi alinsunod sa Family Code section 6250, subdivision (d), kabilang ang numero ng telepono ng sistema ng korte para tumawag ang isang opisyal, at ang pangangailangan na gamitin ng isang opisyal ang protokol ng ahensya kapag kinakailangan o ipinapayo para protektahan ang kaligtasan ng biktima.
- (18) Isang kinakailangan na tratuhin ng lahat ng opisyal bilang homicide ang isang hindi maipaliwanag o kahina-hinalang kamatayan ng isang matanda, sinusustentohang adulto, o iba pang matanda o bata na may kapansanan hanggang sa matapos ang isang kumpletong imbestigasyon, kabilang ang isang autopsy, at hindi ipagpapalagay na natural lamang pagkamatay ng matanda o may kapansanan dahil sa edad o kapansanan nito.
- (19) Isang kinakailangan na, tuwing papatunayan ng isang opisyal na inisyu ang isang kaugnay na protective order, magsasagawa ang opisyal ng makatwirang pagsisikap upang matukoy kung ipinagbabawal ng utos ang pagmamay-ari ng mga baril o kailangang bawiin ang mga baril, at, kung tinukoy ito ng order, magsasagawa ang opisyal ng makatwirang pagsisikap na gawin ang mga sumusunod:
- (A) Magtanong kung may baril ang pinagbawalang tao. Maaaring gawin ng opisyal ang pagsisikap na ito sa pamamagitan ng pagtatanong sa pinagbawalang tao at protektadong tao.
  - (B) Magtanong sa pamamagitan ng Sistema ng Telekomunikasyon ng Tagapagpatupad ng Batas ng California (California Law Enforcement Telecommunications System) upang matukoy kung may mga baril bang nakarehistro sa pinagbawalang tao.
  - (C) Tanggapin o kunin ang mga ipinagbabawal na baril na nakita o alinsunod sa isang pinahintulutan o iba pang legal na paghahanap, ayon sa Dibisyon 4 (nagsisimula sa Section 18250) ng Title 2 ng Part 6.

- (20) Mga remedyo at sibil na mapagkukunan na available sa mga biktima, kabilang ang, pero hindi limitado sa, programa na pinangangasiwaan ng Lupon ng Kabayaran sa Biktima ng California (California Victim Compensation Board).
- (21) Ang kumpletong nilalaman ng anumang modelong patakaran sa pambibiktima sa mga senior at may kapansanan na maaaring mabuo ng Komisyon sa mga Pamantayan at Pagsasanay ng Opisyal ng Kapayapaan (Commission on Peace Officer Standards and Training) batay sa seksyong ito, ang modelong patakaran na ito man ay may mga item na bukod pa sa mga nakalista sa seksyong ito.
- (22) Paggamit ng kumpletong “pang-aabuso sa matatanda at sinusustentohang adulto” sa bawat pagkakataong babanggitin ang krimen na iyon, na walang pinaikling mga termino, kabilang ang, pero hindi limitado sa, “pang-abuso sa matatanda” o “pang-aabuso sa adulto.”
- (23) Isang detalyadong checklist ng mga responsibilidad ng unang tumutugon ng mga opisyal, kabilang ang, pero hindi limitado sa, lahat ng sumusunod:
  - (A) Pag-ako ng responsibilidad para sa kaligtasan at kagalingan ng mga posibleng biktima at saksi at pagtrato nang may dignidad at paggalang sa lahat ng posibleng biktima, saksi, at suspek.
  - (B) Pagsunod sa mga probisyon ng mga kinakailangan sa patakaran ng ahensya para sa mga pag-aresto at ipinag-utos na paghingi ng mga warrant sa pag-aresto alinsunod sa talata (9) at sa mga kinakailangan para sa paghahanap ng mga emergency protection order alinsunod sa talata (17).
  - (C) Pagsunod sa mga alituntunin ng patakaran para sa pakikipanayam sa mga taong may kapansanan sa pag-iisip o komunikasyon alinsunod sa talata (15).
  - (D) Pagkilala na ang ilang matatanda at adulto at mga batang may kapansanan sa pag-iisip o komunikasyon ay maaaring mahirapan sa pagsasalaysay ng mga kaganapan, sa pakukwento, o makalimutan ang mga kamakailang pangyayari, na nagdaragdag sa kahinaan ng mga ito at samakatuwid ay nangangailangan ng mga espesyal na pagsisikap ng mga opisyal upang mabigyan sila ng pantay na proteksyon.
  - (E) Pagdokumento sa eksena.
  - (F) Pagkuha ng pirmadong medikal na pagpapalabas mula sa mga posibleng biktima.
  - (G) Hiwalay na pakikipagpanayam sa mga tagapag-alaga, na kinikilala na sa ilang kaso, ang tagapag-alaga ang salarin.
  - (H) Pagkilala na minsan ay hindi kinakailangang makipagtulungan ang biktima para sa pag-uusig, at sa ilang kaso, kapag pinayagan ang biktima na piliing iwasan ang pag-uusig, magbibigay ito ng pagkakataon sa salarin na hadlangan ang hustisya sa

pamamagitan ng pagpresyur o pananakot sa mga biktima. Dapat imbestigahan ang bawat dispatch na tawag o kaso batay sa sarili nitong mga katibayan.

- (I) Paggawa ng iba pang kinakailangang aksyon para sumunod sa mga probisyon ng patakaran ng ahensya na tagapagpatupad ng batas alinsunod sa seksyong ito.
- (24) Ang may kaugnayang nilalaman ng anumang memoranda ng pag-unawa o katulad na mga kasunduan o pamamaraan para sa pakikipagtulungan sa iba pang responsableng ahensya, na naaayon sa Penal Code section 368.5.
- (25) Isang pahayag ng mga responsibilidad ng chief executive ng ahensya, kabilang ang, pero hindi limitado sa, lahat ng sumusunod:
- (A) Pamumuno sa ahensya at sa komunidad, kabilang ang pagsasalita sa publiko sa mga pangunahing kaso ng pambibiktima sa senior at may kapansanan, upang matiyak sa komunidad ang suporta ng ahensya para sa mga biktima at kanilang pamilya at para sa iba pa sa komunidad na natakot at na-trauma ng mga krimen, at para hikayatin ang mga biktima at saksi ng mga krimen o parehong krimen sa nakaraan o hinaharap na iulat ang naturang mga krimen upang makatulong na bigyang hustisya ang mga salarin at maiwasan ang karagdagang krimen.
  - (B) Pagsasagawa ng mga partikular na responsibilidad alinsunod sa subdivision na ito, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagbuo at pagsasama ng mga protokol ng ahensya sa patakarang ito.
  - (C) Pagtiyak na isinasagawa ng lahat ng opisyal at kawani ang mga responsibilidad ng mga ito sa ilalim ng patakaran.
- (26) Isang protokol ng ahensya para sa pagpapadala at pana-panahong muling pagpapadala ng patakaran at anumang nauugnay na utos sa lahat ng opisyal, kabilang ang isang simple at agarang paraan para ma-access ng mga opisyal ang patakaran sa field kung kinakailangan.
- (27) (A) Isang kinakailangan na maging pamilyar sa patakaran ang lahat ng opisyal at ipatupad ang patakaran sa lahat ng oras maliban sa mga kaso ng hindi pangkaraniwang pangyayari tulad ng tinukoy ng chief executive ng ahensya o ng isa pang opisyal na nangangasiwa o antas ng posisyon na itinalaga ng chief executive.
- (B) Isang responsableng opisyal na tumutukoy kung magresulta sa isang ulat sa chief executive ng ahensya na may hindi pangkaraniwang pangyayari kapag pinahintulutan nito ang paglihis mula sa patakaran. Dapat isama sa patakaran ang isang protokol ng ahensya para sa pagbibigay ng mga kopya ng mga ulat na iyon sa mga diumano'y biktima at partidong nag-uulat. Itatago ng chief executive ang ulat nang hindi bababa sa limang taon at gagawin itong available sa ahensya ng proteksyon at pagtataguyod ng estado kapag hiniling.



- (28) Para sa bawat protokol ng ahensya, alinman sa isang title-by-title na listahan ng mga responsibilidad ng mga opisyal, o isang partikular na tanggapan o yunit sa ahensya na tagapagpatupad ng batas na responsable sa pagpapatupad ng protokol.

Dapat maging available ang mga patakarang ipinatupad o binago sa o pagkatapos ng Abril 13, 2021 sa ahensya ng proteksyon at pagtataguyod ng estado kapag hiniling. (Pen. Code, § 368.6, subd. (d).) Ang kasalukuyang itinalagang ahensya ng proteksyon at pagtataguyod ng estado ay ang Mga Karapatan sa Kapansanan ng California (Disability Rights California, DRC).

## **2. Dapat Isama ng mga Ahensya ang 28 Item sa Lahat ng Ipinatupad na Patakaran sa Pambibiktima sa Senior at May Kapansanan at Lahat ng Patakaran na Binago Pagkatapos ng Abril 13, 2021**

Nalalapat ang 28-item na kinakailangan ng Senate Bill 338 anumang oras na ipapatupad ng isang ahensya ang patakaran sa pambibiktima sa senior at may kapansanan, o kapag binabago ng isang ahensya ang kasalukuyan nitong patakaran sa pambibiktima sa senior at may kapansanan, kabilang ang mga pagbabago na ginawa alinsunod sa Penal Code section 368.5, sa o pagkatapos ng Abril 13, 2021. (Pen. Code, § 368.6, subd. (c); Cal. Assem. Bill 751 (2022-2023 Reg. Sess.) § 2 (idinaragdang ang Penal Code, § 368.6, subd. (e) para linawin na: “Ang isang ahensya na tagapagpatupad ng batas na nagpapatupad, nagbabago, o nagpatupad o binago ang isang patakaran tungkol sa pang-aabuso sa matatanda at sinusustentohang adulto ayon sa mga kinakailangan ng Section 368.5 sa o pagkatapos ng Abril 13, 2021, ay dapat ding sumusunod sa mga kinakailangan ng subdivision (c) at (d) ng seksyong ito”.)

### **Iminungkahing Protokol upang Sumunod sa Senate Bill 338**

Dapat tiyakin ng mga lokal na ahensya na tagapagpatupad ng batas na nagpapatupad ng patakaran sa pambibiktima sa senior at may kapansanan na sumusunod sila sa mga kinakailangan ng Penal Code section 368.6.

Dapat suriin ito ng mga ahensya na may kasalukuyang patakaran sa pambibiktima sa senior at may kapansanan upang matukoy kung kasama sa patakaran ang bawat 28 item na nakalista sa Penal Code section 368.6. Kung na-update ng isang ahensya ang patakaran nito sa o pagkatapos ng Abril 13, 2021 at wala dito ang alinman sa 28 item, dapat baguhin ng ahensya ang patakaran nito upang maisama ang mga nawawalang item na iyon. Kung hindi pa binago ng isang ahensya ang patakaran nito, hinihikayat namin kayong pag-isipang gawin ito.

Ang Bulletin ng Impormasyon na ito ay hindi lumilikha o nagbibigay ng anumang karapatan para sa o sa anumang tao o entidad, at hindi rin ito nagpapataw ng anumang kinakailangan na higit sa kinakailangan sa ilalim ng naaangkop na batas at regulasyon. Para sa mga tanong tungkol sa Information Bulletin na ito, makipag-ugnayan sa Hepe ng Dibisyon ng Tagapagpatupad ng Batas na si John Marsh sa (916) 210-6300.